

**Umiiral na Rehistro ng
Filipino sa mga Pahayagang
Filipino: Gabay sa Pagbuo ng
Ilang Alituntunin sa
Pagbaybay ng mga
Hiram na Salita**

Michael Angelo E. Dela Cerna

Panimula

Sa loob ng halos apat na dekada, marami na ang mga naisagawang pagsisikap upang magkaroon ng pangkalahatang alituntunin ang pagbaybay sa wikang Filipino, ang pambansang wika ng Pilipinas. Nakapaloob sa mga pagsisikap na ito ang mga layuning a) maiangkop ang wika sa mga bagong tungkulin ng pambansang wika, tulad ng bagong gabay na ipinalabas ng Sentro ng Wika ng Unibersidad ng Pilipinas (2008), at b) makatugon sa mga pangangailangan ng mga gumagamit nito sa kasalukuyang panahon.

Nauna sa mga serye ng pagbabago sa alpabetong Filipino ang "Mga Tuntunin sa Ortograpiyang Filipino" na ipinalabas ng Surian ng Wikang Pambansa (SWF) noong 1976. Mula sa orihinal na 20 letra ng ABAKADA ay naging 31 ang mga letra, kabilang ang idinagdag na *ch, f, j, ll, ñ, q, rr, v, x*, at *z*. Tinawag itong "pinagyamang alpabeto".

Sumunod na pagbabago ang "pinasimpleng alpabeto" noong 1987, ang "Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino" ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP). Naging 28 ang dating 31 letra; inalis ang kambal katinig na *ch, ll*, at *rr* na maaaring palitan ng *ts, ly* at *r*. Sinabing hinango ang 1987 Patnubay "mula sa orihinal na sistema ng pagbaybay sa iba't ibang institusyong pang-akademya at pampublikasyon. Itinaguyod nito ang leksikal na pagpapayaman ng Filipino sa pamamagitan ng paglu-luwag sa panghihiram at pagsasalin ng mga

salita, na karamihan ay mula sa Ingles at Kastila, gamit ang walong karagdagang letra ng alpabeto," ang *c, f, j, ñ, q, v, x z*. Gayunman, inilimita sa Patnubay na ito ang paggamit lamang ng walong dagdag na letra sa mga hiram na salitang nabibilang sa pangngalang pantangi, teknikal na terminolohiya, at mga salitang may natatanging pangkultural na kahulugan. Itinakda ring kung ang hiram na salita ay nabibilang sa tinatawag na "karaniwang salita" na ginagamit na sa pang-araw-araw na komunikasyon ng mga Pilipino, dapat gamitin ang orihinal na 20-letrang ABAKADA sa pagbaybay ng mga naturang salita.

Nagkaroon ng iba't ibang reaksiyon laban sa 1987 Patnubay. Sinabi ni Maminta (2001) na "kulang ang kasapatan ng tuntunin para mapapasok ang karaniwang terminong ginagamit sa pagpi-Filipino natin, pasalita man o pasulat. Hindi ito naging katanggap-tanggap sa karamihan dahil "binabale-wala nito ang kalikasan ng paggamit ng wika sa bilingguwal na konteksto sa Pilipinas kung saan ginagamit ang Ingles bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino." (Fortunato, mula kay Maminta, 2001). Naglabas din ng kani-kanilang handbook tungkol sa reporma sa pagbaybay na itinakda ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987 ang maraming institusyong pang-edukasyon at grupong propesyonal, tulad ng De La Salle University; UP Sentro ng Wikang Filipino, UP Departamento ng Linguistics, at Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) sa iba't ibang Kolehiyo at Unibersidad.

Dahil sa nakitang mga kahinaan ng "pinasimpleng alpabeto," ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay muling naglabas ng isa pang gabay sa ortograpiyang Filipino, ang "2001 Revisyon sa Alpabetong Filipino at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino." Bahagi ang gabay na ito ng pangwakas na output ng proyekto ng KWF, ang "Tungo sa Istandardisasyon ng Sistema ng Pagsulat sa Filipino: Mga Batas at Tuntunin na Nauukol sa Walong Dagdag na Letra sa Alpabetong Filipino," na naglayong gawing malinaw ang mga tuntunin sa pagbaybay sa pambansang wika.

Binubuo pa rin ng 28 letra ang alpabeto, walang binawas o idinagdag, ngunit binago ang mga tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra. Napaloob dito ang paghahati sa dalawang pangkat ng walong dagdag na letra: (a) ang mga letrang may ponetikong katangian gaya ng *f, j, v, at z*, at (b) ang mga letrang kumakatawan sa higit pa sa isang tunog, kabilang ang *c, ñ, q, at x*. Sa 2001 Gabay na ito, magagamit na ang *f, j, v* at *z* sa mga karaniwang salita at ibang salitang hiram (Hal: *fasilitaytor, varayti, narativ, jaket*); samantalang magagamit lamang ang *c, ñ, q, at x* sa mga pangalang pantangi at salitang teknikal.

Ngunit dalawang taon pa lamang ang nakalilipas ay sinuspinde na ang naturang 2001 Patnubay sa kadahilanang pinagmumulan ito ng maraming kalituhan. Inakalang maluwag ang patakarang ito sa pagbaybay dahil pinagagamit nito ang walong dagdag na letra sa pagbaybay - sa anumang *variety* - ng mga hiram na salitang may internasyonal na anyong nakikilala o ginagamit na ng lahat

Taong 2005 nang magpalabas ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF) ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) ng *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino* (tuon sa pagbaybay) na naglayong makapag-ambag sa proseso ng istandardisasyon ng wikang Filipino. Isinagawa ito sa tulong ng ilang proyektong pampublikasyon ng UP-SWF, tulad ng *Daluyan*, gayon din ng ilang piling konsultant. Nagsagawa ng maraming pulong ang mga editor upang tukuyin ang iba't ibang suliranin sa pagbaybay na kanilang naeenkuwentro sa pag-eedit ng nakasulat na mga artikulo sa wikang Filipino. Sa huli, binalangkas nila ang *Gabay sa Editing* batay sa mga tiyak na karanasan sa paggamit ng wikang pambansa.

Nioong 2008 ay inilabas din ng SWF ang ikalawang edisyon ng *Gabay sa Ispeling* bunga ng bagong napagkasunduang mga tuntunin pagkaraang mailathala ang 2005 Gabay sa Editing sa Wikang Filipino.

Kalakip sa binagong edisyon ang mga sumusunod: 1) pagpasok ng napagkasunduang mga tuntunin buhat sa idinaos na serye ng mga forum sa pagbaybay noong Agosto 13, 2005 at Marso 2 at Abril 21, 2006 na dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang samahang pangwika, Kagawaran ng Filipino, sentro ng pananaliksik, Komisyon ng Wikang Filipino, at iba pang tagapagtaguyod ng wika; at 2) pagbabago ng pamagat ng kanilang gagawing simulain sa mga susunod na publikasyon. Inakala ng SWF na makabuluhan ang nabuong mga tuntunin sapagkat produkto ito ng maraming kalahok mula sa iba't ibang grupong tagapagtaguyod ng pambansang wika.

Gayunman, hanggang sa kasalukuyan ay hindi maitatangging namamayani pa rin ang ganitong pananaw: Bunga ng iba't ibang gabay, lumalala ang problema dahil sa patuloy na paggamit ng magkakaiibang tuntunin sa ispeleng. Nabuo ang maraming baryasyon ng pagbaybay na nagpapawalang-bisa sa pangkabuuang pambansang pagsisikap para sa istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang pambansa (Maminta, 2001).

Ang tanong: Bakit nga ba tila napakahirap matamo ang istandardisasyon ng wikang Filipino, lalo na sa pagbaybay ng mga salita? Bakit nagkakaroon ng iba't ibang gabay o tuntunin sa ispeleng kaya may mga baryasyon ang pagbaybay? Totoo kaya ang sinabing ito ni Santiago (1991), "Ang kawalan ng teorya o hipotesis sa pagtanaw sa kalagayan ng wika at sa pagpapaunlad ng Filipino kaugnay ng Ingles ang dahilan ng di mabilis na pag-unlad ng Filipino?" Maaari nga kayang hindi pa ganap na bukas ang isipan ng ibang tagapagtaguyod ng wikang pambansa sa modernisasyon nito, lalo na sa pagtanggap o pagpasok ng mga salitang banyaga, partikular ng mga hiram na salita sa Ingles, sa wikang Filipino?

Malinaw na pinasubalian ang pananaw na ito noong pa mang 1976. Nang panahong iyon, pagkatapos ng isang masusing pag-aaral ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP) ay isinagawa ang unang hakbang tungo sa pagreporma ng pagbaybay sa pamamagitan ng isang kautusang

pinamagatang *Modernisasyon ng Alpabeto ng Wikang Pambansa*. Batay sa ipinalabas na DEC Memorandum No. 194 s. 1976, ang abakadang Pilipino na may 20 letra lamang noon ay “nakapagpapabagal sa kakayahan ng pambansang wika na makaabot sa tugatog ng pag-unlad at paglaganap.” Kaya naman “bilang pagtugon sa mabilis na pagdebelop at mga pagbabago sa wikang Filipino, gaya ng ipinakikita ng pagdagsa ng mga linggwistikong elemento mula sa iba’t ibang umiimpluwensiyang wika, katutubo o banyaga, at upang iangkop iyon sa mga pangangailangan ng modernisasyon, nagpakilala ang Surian ng Wikang Pambansa ng ilang pagbabago sa mga ortograpiyang tuntunin sa Filipino.”

Nagkakaisa ang mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino na patuloy ngang nagbabago ang wikang ito, kasabay ng pagbabago ng panahon. Walang tigil ang pagbabago sa wika dahil walang tigil ang pagbabago ng kinalalagyan at kinikilusan ng mga taong gumagamit nito. Dahil sa talino at galing humanap ng paraan ng mga tao, naibabagay nila ang kanilang wika sa pagbabago sa kapaligiran at pangangailangang tumutugon sa mga hamon ng modernisasyon. Ayon nga kay Consuelo Paz (2003), “nangyayari ang pagbabago sa lahat ng lebel ng wika (tunog, salita, sentens, kahulugan) at ang pinakamabilis na pagbabago’y nasa lebel ng salita.” Para rin kina Zafra, et al. (2008), “ang mga naunang pagbabago ng alpabeto ay mga hakbang sa pagpapalaganap ng wika sa iba’t ibang larangan ng ating buhay. Dapat din nating makita na ang mga ito ay patuloy na pagpupunyagi na maisa-ayos, pakinisin, gawing kapaki-pakinabang at katanggap-tanggap ang mga gabay sa pagbaybay. Kung kaya ang pagreforma sa alpabeto ay isa sa kinakailangang mga hakbang kung nais nating marating ng Pambansang Wika ang tugatog nito bilang isang ganap na Wikang Pambansa ng Pilipinas, ng mga Pilipino.”

Samakatwid, paano matutugunan ang tanong na ito: “Bakit nga ba napakahirap matamo ang istandardisasyon ng wikang Filipino, lalo na sa pagbaybay ng mga salita?”

Isang sagot ang pagsasagawa ng iba’t ibang pag-aaral na maaaring maging batayan ng mga pagsisikap tungo sa istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Napakarami nang naunang mga pag-aaral tungkol dito, ngunit para sa pag-aaral na ito, ipinasiya ng mananaliksik na gamiting konseptwal na batayang pananaw ang teorya ng kahalagahan ng paglilipat ng oral na wika patungo sa nakasulat na anyo nito (Maminta, 2001). Ayon kay Ferguson (binanggit ni Maminta), “Kapag ang pasalitang wika ay nailipat sa nakasulat nitong anyo, naitatatag ang uniformidad ng lingguwistikong estruktura – fonolohikal, leksikal, at sintaktikong komponent. Naitatala ang wika at naitatatag ang norm. Sa katunayan, sa isang yugto ng development ng wika, napaliliit ang dami ng *language deviants* o paglihis ng wika. Gayundin, ang paggamit ng norm ay nagpapahintulot sa paggamit ng isang kowd sa loob ng isang malawak na komunidad ng mga ispiker”.

Binanggit din ni Maminta na “nakapagpapabagal ang kakulangan ng isang istandardisadong sistema ng pagsulat sa isang mahalagang proseso sa pagpapalano ng wika - ang paglilipat sa wika sa nakasulat na anyo nito. Nagiging dahilan pa ito ng pagbagal ng pag-unlad ng nakasulat na akda at panitikang Filipino. Nagiging hadlang din ito sa pagpapadali ng pagkakaunawaan.” Dagdag pa niya, ang mga dayalektal na varyant ay may naiaambag din sa pagkaka-roon ng mga tanggap na pamantayan. “Inaampon ng mas malawak na komunidad ng mga tagapagsalita ang mga pamantayang ito, kaya napalalaganap at naitataguyod ang isang lingua franca. Ang lingua franca namang ito ay nagiging nukleyo ng isang istandardisadong pambansang wika.”

Batay sa pananaw na ito, nagsagawa ang mananaliksik ng isang pag-aaral na maaaring magsilbing isang payak na batayan ng mga pagsisikap tungo sa istandardisasyon ng pagbaybay sa wikang Filipino. Pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral ang rehistro ng Filipino sa mga nakalimbag na materyal, partikular sa mga pahayagang tabloid na nakasulat sa Filipino. Isinagawa

ito sa paniniwalang higit na makikita sa dayalektal varyant ng mga pahayagan na malawakang binabasa ng maraming Pilipino ang namamayaning mga paraan ng pagbaybay sa wikang Filipino.

Layunin

Pangalahatang layunin ng pag-aaral na matukoy ang umiiral na rehistro o istilo ng nakasulat na wikang Filipino sa anim na tabloid ng Pilipinas na may malawak na publikasyon sa Pilipinas, kabilang ang *Abante*, *Bulgar*, *Pilipino Star*, *People's Journal*, *Tiktik*, at *Balita*.

Mga tiyak na layunin nito na (1) masuri ang mga paraan o pattern ng pagbaybay ng mga hiram na salita, (2) matukoy ang konsistensi ng pagbaybay ng mga salitang hiram sa bawat tabloid; at (3) makabuo ng ilang mungkahing

alituntunin sa pagbaybay, batay sa nakita ng pag-aaral na higit na umiiral na paraan ng pagbaybay ng mga salitang hiram sa wikang Filipino.

Metodolohiya

Sinimulan ang pag-aaral sa pangangalap ng mga tabloid na Filipino na may malawak na publikasyon at nababasa sa malaking bahagi ng bansa. Kinuha ang ilang back-issues ng taong 2009 ng mga pahayagang *Abante*, *Bulgar*, *Pilipino Star*, *People's Journal*, *Tiktik*, at *Balita* upang matukoy ang konsistensi ng rehistro ng Filipino sa bawat publikasyon.

Napili ang mga tabloid sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga nagtitinda ng diyaryo kung alin sa mga ito ang pinakamabili. Nakapaloob sa tatlo hanggang anim na buwan ang mga pahayagang sinuri.

Talahanayan 1. Datos tungkol sa mga Ginamit ng Pahayagang Tabloid

Pahayagan	Petsa ng Publikasyon					
	Pebrero 13	Marso 23	Mayo 21	Hunyo 16	Hulyo 14	Agosto 19
Abante 2009						
Balita '09	Setyembre 23	Agosto 3	Hulyo 15			
Tiktik '09	Setyembre 5	Agosto 2	Hulyo 23			
Pilipino STAR '09	Pebrero 25	Abril 23	Mayo 14	Hunyo 14	Hulyo 5	Agosto 4
Bulgar '09	Mayo 15	Hunyo 26	Hulyo 17	Agosto 3	Setyembre 10	
People's Journal '09	Pebrero 13	Marso 16	Abril 25	Mayo 12	Hunyo 23	Hulyo 18

Makikitang nalimbag na lahat ng mga sinuring tabloid noong 2009, simula Pebrero hanggang Setyembre. Gayunman, hindi pare-pareho ang bilang ng mga isyung sinuri, gayon din ang buwan ng pagkakalimbag ng mga isyu. Bunga ito ng kadahilanang naging suliranin ng mananaliksik ang pangangalap ng back-issues ng tabloid, lalo na ng *Balita* at *Tiktik*.

Pinagtuunan ng pag-aaral ang ilang bahagi ng tabloid na tinatayang lubos na binabasa ng madla - ang mga seksyong *balita*, *editorial*, *showbiz*, at *isports*, at ginupit ang mga bahaging iyon. Ipinokus sa pagsusuri ang mga bahagi ng pahayagan, hindi ang mga partikular na manunulat sa pahayagan.

Sinuri ang mga nakalap na tabloid gamit ang binuong talaan. Sinunod sa pagsusuri ang mga sumunod na hakbang na tinukoy nina Carol at West (1983, buhat sa pag-aaral ni Alba 1985): 1) biglaang pagbasa sa materyal upang makita ang daloy ng kaisipan at nilalaman nito; 2) pagbasa muli nang may kabagalan upang mapagtuunan ng pansin ang paghahanap sa mga salitang kinakailangan; at 3) muling pagbasa at pagsulat ng mga *marginal note* at puna.

Sinimulang itala ang mga hiram na salita (HS) na ginamit sa bawat tabloid batay sa 1) *direkta o tuwirang paggamit at pagbaybay* ng mga HS *sa orihinal na anyo*; 2) *pagbaybay sa Filipino* ng mga sariling hiram sa *Ingles*, batay sa tuntuning *kung ano ang bigkas ay siyang sulat*; at 3) *pagbaybay sa Filipino* ng mga salitang hiram sa *Kastila*. Pagkatapos itala ang mga salita, gumawa ng tabulasyon upang matukoy ang dami o *frequency* ng bawat rehistrong nakita.

Inalam rin ang pattern na ginagamit sa paglalapi sa mga *base form* ng HS, gayon din sa reduplikasyon nito.

Matapos matukoy ang umiiral na rehistro ng Filipino sa paggamit at pagbaybay ng mga salitang hiram sa anim na tabloid, bumuo ang mananaliksik ng ilang mungkahing alituntunin sa pagbaybay ng mga salita.

Resulta

Mga rehistro o paraan ng pagbaybay ng mga hiram na salita sa mga sinuring pahayagang tabloid

Nasa Talahanayan 2 ang pangkalahatang distribusyon ng bahagdan ng paraan o rehistro ng Filipino sa anim na sinuring tabloid.

Talahanayan 2. Pangkalahatang Distribusyon ng Bahagdan ng Rehistro ng Filipino sa mga Sinuring Tabloid

Mga Komponent	Distribusyon ng Bahagdan ng Rehistro ng Filipino sa mga Sinuring Tabloid						
	Abante	Balita	Tiktik	P'Star	Bulgar	P' Journal	AVERAGE
Direktang pagbaybay ng HS	73.2	66.6	63.6	69.8	67.3	80.6	70.19
Baybay-Filipino (mga salitang Ingles)	12.8	16.1	15.8	12.8	17.9	9.2	14.10
Baybay-Filipino (mga salitang Kastila)	14.0	17.3	20.6	17.4	14.8	10.2	15.71

Lubhang malawakan ang direktang paggamit at pagbaybay sa orihinal na anyo ng mga salitang hiram sa anim na sinuring pahayagang tabloid. May average na 70.19% ang rehistro o paraang ito ng panghihiram, pinakamataas sa *People's Journal* (80.6 %), kasunod ang *Abante* (73.2%), at pare-parehong matataas sa 60% ang ibang tabloid.

Marami sa mga salitang direktang hiniram at binaybay sa orihinal na anyo ay makikita sa isports at showbiz, tulad ng *disc jockey, display, dressing room, endorser, enforcers, enjoy, enrollees, enthusiasts, open, opening bell, overtime, penalties, period, pilot pointers, projects, promotion, statement, steroid, talk show, viewers, texters, textmate tie, titular, top rate, topnotcher, tour, crowd, deciding set, defending champions, deficit, haggard, hate mails, host, icon, player, rivalry, roles, at secret*. Totoo rin ito sa mga editorial at balita ng anim na tabloid, tulad ng *due process, effective, pandemic, personnel, petition, presidency, presidentiable, privilege speech, traffic, enforcer, standard bearer, presidential, survey, harassment, husband, revenue, road, robbery, scandal, shipments, shrapnel, share, idea, identity*.

Pangalawang gamitin, bagamat lubhang malayo, ang rehistro o paraang baybay-Filipino ng mga salitang Kastila na nakakuha ng average na 15.71%. Nangunguna sa paggamit ng ganitong paraan ng panghihiram ang *Tiktik* (20.6%), *Pilipino Star* (17.4%) at *Balita* (17.3%). Hindi ito gaanong ginagamit ng *Pilipino Journal* (10.2%).

Sa mga editorial at balita mas laganap ang pagbaybay sa Filipino ng mga salitang Kastila, bagamat nasabi nang malaking bahagdan din ang gumagamit ng direktang pagbaybay ng mga hiram na salita. Kabilang sa mga salitang ito ang *deklarasyon, delegasyon, desisyon, krimen, akusasyon, anomalya, ikokonsidera, ideklara, kritiko, problema, prangkisa, miyembro, plano, serye, seremonya, partido, mensahe, kategorya, eksakto, prayoridad, kampeonato, pag-atake, pag-amyenda, rehimen, realidad, distrito, bisinidad, aplikasyon, naidepensa, at depektibo*.

Hindi naman nalalayo sa ikalawang paraan ng panghihiram ang paraang baybay-Filipino (kung ano ang bigkas, siyang sulat) ng mga salitang Ingles na may average na 14.10%. Ang tabloid na *Bulgar* (17.9%) at *Balita* (16.1%) ang higit na gumagamit ng

ganitong istilo, samantalang hindi ito masyadong ginagamit ng *Pilipino Journal* (9.2%) na nakakiling nga sa direktang paggamit at pagbabaybay sa orihinal na anyo ng HS, partikular ng mga salitang Ingles. Kabilang sa mga salitang ito ang *aktuwal, aktres, aprub, badyet, basketbol, drayber, ekstra, miting, iskedyul, iskor, byuti, makontrol, misyon, lider, komiks, karnaper, kemikal, komite, kriminal, krusyal, partikular, pulitikal, solusyon, telebisyon, tenortyur, prinodyus, nireyp, nag-isyu, dolyar, dinemolis, inisnab, at rekober*.

Sa kaso ng paglalapi ng mga salitang hiram, mas nakakahigit ang pattern na unlapi + gitling + HS (direktang gamit), tulad ng *i-casting, i-congratulate, ipina-blacklist, ma-exempt, mag-undergo, mag-u-turn, magpa-ad, nag-guest, nag-insist, mag-host, pag-internalize, nag-deliver, nag-collapse, na-diagnose, ma-relax, na-admit, makipag-break, pag-exit, nagka-injury, i-renew, i-sanction, at pa-girl*. Nakita rin ang pattern na katinig 1 ng salitang-ugat+gitlapi + hiram na salita sa mga salitang *hinostage at dumoble*.

Sa kaso ng reduplikasyon, ito ang nakitang pattern: panlapi+ pag-uulit ng unang pantig ng HS + gitling + HS, gaya ng *ie-exempt, ine-enjoy, ini-export, ire-renew, mag-o-audition, magte-training, matsa-challenge, magbi-build, nagdi-date, pagte-training, pagta-transfer, pagse-set, nase-settle, napi-feel, nagte-take*.

Konsistensi ng Rehistro ng Filipino sa Anim na Tabloid

Nasa Talahanayan 3 hanggang 8 ang kinalabasan ng pagsusuri sa konsistensi ng rehistro ng Filipino sa anim na sinuring tabloid.

Makikitang konsistent ang rehistro ng Filipino ng pahayagang *Abante* sa direktang paggamit at pagbaybay ng mga HS sa anim na isyu nito sa loob ng anim na buwan.

**Talahanayan 3: Distribusyon ng Bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino sa
Abante sa Anim na Buwan**

Abante '09	Peb. 13		Mar. 23		Mayo 21		Hun. 16		Hul. 14		Ago. 19	
	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	79	76.0	85	77.3	74	77.1	69	67.6	89	74.2	82	67.2
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles at iba pang HS (BI)	12	11.5	15	13.6	9	9.4	16	15.7	12	10.0	20	16.4
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	13	12.5	10	9.1	13	13.5	17	16.7	19	15.8	20	16.4

Sa mga buwan ng Pebrero (77.3%), Marso (76.0%), Mayo (77.1%), Hunyo (67.6%), Hulyo, (74.2%), at Agosto (67.2%), hindi gaanong malayo sa 75% ang malayang paggamit ng mga hiram na salita sa mga bahagi ng sinuring tabloid (balita, editoryal, isports, at showbiz) – bagamat medyo mababa sa 70% ang Hunyo at Agosto. Namayani sa tatlong paraan ng pagbaybay ng mga HS ang paraang ito.

Kaugnay ng baybay-Filipino ng mga salitang hiram sa Ingles (BI) at Kastila (BK) ng mga hiram na salita, maiisip na hindi masyadong naging konsistent ang tabloid sa paggamit ng dalawang paraan ng pagbaybay ng mga HS. Nahigitan ng BK ang BI sa mga buwan ng Pebrero (12.5% -11.5%), Mayo (13.5%-9.4%), Hunyo (16.7%-15.7%), at Hulyo (15.8%-10%). Naiba ito sa buwan ng Marso na nakahigit ang BI sa BK (13.6% -9.1%). Pagdating ng buwan ng Mayo nahigitan ang BF ng BK (9.4% kontra 13.5%) samantang sa buwan ng Agosto, nagpantay na ang dalawa (16.4% -16.4%).

**Talahanayan 4: Distribusyon ng Bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino sa
Balita sa Tatlong Buwan**

Balita '09	Set. 23		Hul. 15		Ago. 3	
	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	79	68.1	64	72.7	65	59.1
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles (BI)	13	11.2	15	17.0	22	20.0
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	24	20.7	9	10.2	23	20.9

Konsistent din ang rehistro ng Filipino ng tabloid na *Balita* sa direktang pagbaybay ng mga HS sa sinuring mga isyu nito sapagkat ito ang namayaning paraan ng pagbaybay sa loob ng tatlong buwan. Gayunman, sa buwan ng Hulyo ay lubhang bumaba ang bahagdan (59.1%) ng paraang ito ng pagbaybay kumpara sa dalawang naunang buwan. Gayon din, hindi konsistent ang tabloid sa pagbaybay ng mga salitang hiram sa Ingles at Kastila sapagkat makikita sa talahanayan na sa mga buwan ng Setyembre at Agosto, higit na ginamit ang BK kaysa BI (20.7% at 20.9% kontra 11.2% at 20.0%), samantalang noong Hulyo, mas ginamit ang BI kaysa BK (17.0% kontra 10.2%) sa mga bahagi ng tabloid na sinuri.

Talahanayan 5. Distribusyon ng bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino sa *Tiktik* sa Tatlong Buwan

Tiktik '09	Set. 5		Ago. 2		Hul. 23	
	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	100	72.5	62	68.9	46	49.5
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles (BI)	22	15.9	10	11.1	19	20.4
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	16	11.6	18	20.0	28	30.1

Konsistent din ang rehistro ng Filipino ng tabloid na *Tiktik* sa direktang pagbaybay ng mga hiram na salita sa loob tatlong buwan. Makikita sa Talahanayan 5 na sa buwan ng Setyembre (72.5%), Agosto (68.9%), at Hulyo (49.5%) na malayang ginamit ang mga hiram na salita sa mga bahagi ng tabloid na sinuri.

Ngunit kaugnay ng paraang BI at BK, makikitang hindi rin naging konsistent ang tabloid sa paggamit ng mga paraang ito sapagkat sa buwan ng Setyembre, nakahihigit ang BI sa BK (15.9% kontra 11.6%;) samantalang sa buwan ng Agosto at Hulyo, nahigitan ang BK ang BI (20% kontra 11.1%; 30.1% kontra 20.4%).

Talahanayan 6. Distribusyon ng bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino sa *Pilipino Star* sa Anim na Buwan

P. STAR '09	Peb. 25		Abr. 23		Mayo 14		Hun. 14		Hul. 5		Ago. 4	
	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	60	70.6	68	71.6	86	70.5	85	72.0	73	66.4	50	67.6
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles (BI)	12	14.1	4	4.2	16	13.1	17	14.4	18	16.4	11	14.9
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	13	15.3	23	24.2	20	16.4	16	13.6	19	17.3	13	17.6

Tulad ng mga naunang pahayagang tabloid, konsistent ang rehistro ng Filipino ng *Pilipino Star* sa direktang paggamit at pagbaybay ng mga hiram na salita sa loob ng anim na buwan.

Makikita sa talahanayan na sa buwan ng Pebrero (70.6%), Abril (71.6%), Mayo (70.5%), Hunyo (72.0%), Hulyo, (66.4%), at Agosto (67.6%), na malayang ginamit ang mga orihinal na baybay ng mga hiram na salita sa mga bahagi ng pahayagang sinuri. Kaugnay ng BI at BK, halos konsistent ang tabloid sa paggamit ng dalawang paraang ito ng pagbaybay ng mga HS sapagkat nakahigit ang BK sa BI sa mga buwan ng Pebrero (15.3% kontra 14.1%, Abril (24.2% kontra 4.2%), Mayo (16.4% kontra 13.1%), Hulyo (17.3% kontra 16.4%), at Agosto, nagpantay na ang dalawa (17.6% kontra 14.9%). Naiiba lamang ang Hunyo (14.4% kontra 13.6%) sapagkat na nakahihigit ang BI sa BK.

**Talahanayan 7. Distribusyon ng bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino sa
Bulgar sa Limang Buwan**

Bulgar '09	Mayo 15		Hun. 26		Hul. 17		Aug. 3		Sept. 10	
	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	76	73.1	63	60.0	42	54.5	60	75.9	78	72.9
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles (BI)	13	12.5	27	25.7	16	20.8	8	10.1	22	20.6
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	15	14.4	15	14.3	19	24.7	11	13.9	7	6.5

Konsistent ang rehistro ng Filipino ng *Bulgar* sa paggamit ng mga hiram na salita nang direkta sa limang buwang publikasyon (isa kada buwan). Makikita sa talahanayan na sa buwan ng Mayo (73.1%), Hunyo (60.0%), Hulyo (54.5%), Agosto, (75.9%), at Setyembre (72.9%), malayang ginamit ang orihinal na baybay ng mga hiram na salita sa mga bahagi ng tabloid na sinuri.

Kaugnay ng BI at BK, hindi naging konsistent ang tabloid sa paggamit ng dalawang paraang ng pagbaybay. Sa buwan ng Mayo, Hulyo, at Agosto, nahigitan ang BI ang BK (14.4% kontra 12.5%, 24.7 kontra 20.8%, at 13.9% kontra 10.1%). Samantala, sa mga buwan ng Hunyo at Setyembre ay lubhang nakahigit ang BI sa BK (25.7% kontra 14.3% at 20.6% kontra 6.5%).

**Talahanayan 8. Distribusyon ng bahagdan ng mga Rehistro ng Filipino
sa *People's Journal* sa Anim na Buwan**

P. Journal	Peb. 13		Mar. 16		Abr. 25		Mayo 12		Hun. 23		Hul. 18	
	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%	T	%
Direktang pagbaybay ng HS	76	87.4	64	69.6	74	83.1	87	84.5	97	80.8	87	78.4
Baybay-Filipino ng mga salitang Ingles at ibang pang HS (BI)	5	5.7	10	10.9	12	13.5	6	5.8	12	10.0	10	9.0
Baybay-Filipino ng mga salitang Kastila (BK)	6	6.9	18	19.6	3	3.4	10	9.7	11	9.2	14	12.6

Tulad ng mga naunang sinuring tabloid, konsistent ang rehistro ng Filipino ng *People's Journal* sa direktang paggamit at pagbaybay ng mga hiram na salita sa loob ng anim na buwan. Makikita sa talahanayan na sa buwan ng Pebrero (87.4%), Marso (69.6%) Abril (83.1%), Mayo (84.5%), Hunyo (80.8%), at Hulyo, (78.4%), malayang ginamit at binaybay ang mga hiram na salita sa orihinal na anyo sa mga bahagi ng tabloid na sinuri.

Katulad din ng mga naunang pahayagan, hindi naging konsistent ang *Pilipino Journal* sa paggamit ng huling dalawang paraan ng pagbaybay, ang BI at BK. Sa buwan ng Pebrero, Marso, Mayo at Hulyo, nahigitan ng BK ang BI (6.9%-5.7%; 19.6%-10.9%; 9.7%-5.8%; 12.6-9%). Nabago ito sa buwan ng Abril na lubhang nakahigit ang BI sa BK (13.5%-3.3%), gayon sa buwan ng Hunyo (10.9%-9.2%).

Hindi na ginawan pa ng talahanayan ang mga nilapiang salitang hiram na nakitang ginamit sa anim na sinuring tabloid sapagkat kaunti lamang ang mga ito. Gayunman, napansing konsistent ang pag-uunlapi sa mga HS na binaybay sa orihinal na anyo. Pare-parehong nilagyan ng *gitling* sa gitna ng unlapi at salitang-ugat ang mga salita. Tulad nito: *i-congratulate*, *nag-insist*, *ma-relax*, *makipag-break*, *magpa-ad*, *nag-guest*, *mag-host*, *ipina-blacklist*, *mag-undergo*, *pag-exit*, at iba pa.

Samakatwid, ito ang pangkalahatang pattern ng anim na sinuring tabloid sa paglalapi, partikular sa pag-uunlapi, ng mga hiram na salita: *unlapi + orihinal na baybay ng HS*. Hindi konsistent ang mga tabloid sa pagsunod ng matagal nang tuntunin sa pagbaybay sa Filipino na nagsasabing "ginagamit ang *gitling* kapag ang salita ay may unlaping nagtatapos sa *g* at may salitang-ugat na nagsisimula sa *patinig*, gaya ng *pag-ibig*, *nag-usap*, at *tag-ulan*. Ginamit ito sa mga salitang tulad ng *nag-insist*, *mag-undergo*, *pag-exit*, at iba pa, ngunit hindi sa mga salitang gaya ng *ma-relax*, *magpa-ad*, *makipag-break*, at iba pa.

Gayon din, may nakitang hindi konsistent sa reduplikasyon o pag-uulit ang mga sinuring tabloid, bagamat konsistent nga sila sa paggitling ng mga hiram na salita. Tulad ng mga salitang ito na ang unang pantig ng salitang inuunlapan ay inuulit. Pansining ginagamit ang *i* at *e* sa iba't ibang salita, sa halip na *i* o kaya'y *e* lamang:

nagdi-date	nagte-take
napi-feel	pagse-set
ini-export	ie-exempt
magbi-build	ine-enjoy
	ire-renew
	nase-settle

Gayunman, waring konsistent ang mga pahayagan sa pagbaybay ng mga hiram na salitang nagsisimula sa kambal-katinig (klaster) at inuunlapan. Gaya ng mga sumusunod:

magte-training (sa halip na *magtri-training* o *magtre-training*)

pagta-transfer (sa halip na *pagtra-transfer*)

nagti-train (sa halip na *nagtri-train* o *magtre-train*)

Hindi inuulit ang kambal-katinig sa mga salitang nasa itaas, bagamat may isang nakitang salita – *matsa-challenge* – na ginamit din sa isang tabloid.

Buod ng kinalabasan ng pagsusuri

Sa pangkalahatan, malinaw na nakita ng pag-aaral na ito na malawakan nang ginagamit nang direkta, o hindi na binabago pa, ang baybay ng maraming hiram na salita, lalo na ng mga salitang Ingles, sa anim na sinuring tabloid na nakasulat sa Filipino. Nakararami sa mga salitang ito ang *pang-isports* at *pang-showbiz*. Ngunit maging sa mga *editorial* at *balita*, mataas na rin ang bahagdan ng direktang paggamit at pagbaybay ng mga hiram na salita kaya nga't 70.19% ang average na bahagdan ng paraang ito ng pagbaybay sa wikang Filipino.

Nakita rin sa kabuuan na hindi konsistent ang anim na tabloid sa paggamit at pagbaybay sa Filipino ng mga salitang hiram sa Ingles at Kastila. Dahil dito, bagamat hindi natiyak sa pag-aaral ang *level of significance* ng pagkakaiba ng dalawa, nakitang halos magkalapit lamang ang bahagdan ng paggamit sa anim na tabloid ng mga salitang Kastila na baybay-Filipino (15.71%) at ng mga salitang Ingles na baybay-Filipino (14.10%).

Sa kaso ng paglalapi, nakitang konsistent ang mga sinuring tabloid sa paggamit ng pattern na panlapi (unlapi) + gitling + orihinal na baybay ng HS. Hindi naman konsistent ang mga ito sa pagsunod sa tuntunin ng pagbaybay sa Filipino na nagsasabing "ginagamit ang *gitling* kapag ang salita ay may unlaping nagtatapos sa *g* at may salitang-ugat na nagsisimula sa *patinig* (hal: *pag-export*), sapagkat ginigitlingan din sa mga sinuring pahayagan ang mga salitang hiram na nagtatapos sa *patinig/katinig ang unlapi* at nagsisimula sa *patinig/katinig ang salitang-ugat* (hal: *magpa-ad*, *makapag-break*, *ma-relax*).

May nakita ring hindi konsistent sa reduplikasyon ang mga sinuring tabloid, sapagkat sa pag-uulit ng unang pantig ng inunlapiang salita ay napapagpalit-palit ang titik *i* at *e* (hal: ini-export, ire-renew). Wari namng konsistent ang mga pahayagan sa pagbaybay ng mga hiram na salitang nagsisimula sa kambal-katinig (klaster) at inuunlapiang, tulad ng *magte*-training at *pagta*-transfer.

Ilang mungkahing alituntunin sa pagbaybay ng mga hiram na salita

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay bumuo ng ilang mungkahing alituntunin sa paggamit at pagbaybay ng mga hiram ng salita sa wikang Filipino.

Nakabatay ang mga mungkahing ito sa nakitang mga konsistensi ng anim na sinuring tabloid sa pagbaybay ng mga salitang hiram. Nakabatay din ang mga mungkahi sa paniniwalang ang mga gumagamit ng wika ang pinaka-*determiner* ng isang matagumpay na gabay sa pagbaybay at panghihiram ng mga salita.

Pinag-aralan din ng mananaliksik ang ilang nalathala nang *Gabay sa Pagbaybay* at nakitang hindi pa kasama sa mga ang mga nabuong mungkahi.

Ito ang mga mungkahing alituntunin:

1. Gamitin ang mga hiram salita (HS) nang *direkta o hindi na babaguhin pa ang orihinal na baybay* kung:

a. laganap na itong kilala at ginagamit sa pang-araw-araw na usapan

Halimbawa:		
cellphone	birthday	focus
landslide	comment	delivery
van	requirements	envelope
variety	audition	adventure

b. laganap na itong ginagamit bilang terminong pulitikal at pangkalusugan.

due process	assets	expose
privilege speech	presidential	virus
penalties	proposal	injury
unconstitutional	version	
revenue	deficit	
presidency	pandemic	
funeral march	transition government	

c. laganap na itong ginagamit bilang terminong pang-isports at pang-showbiz.

rebound	talk show
expiration	fans
assist	shooting
deciding set	limelight
icon player	dressing room
overtime	roles
rookie	career high
defending champion	

2. Sa kaso ng paglalapi sa mga hiram na salita, sundin ang mga sumusunod na pattern, at maging konsistent sa paggamit ng bawat isa:

a. Kung babaybayin sa Filipino ang hiram na salita, hindi na ito dapat lagyan ng gitling.

Hal: *panlapi [unlapi/gitpi] + HS (base form/baybay-Filipino)*

hinaharas	magdedeliber
makontrol	sinabmit
magdidirek	magtelebisyon

b. Kung direktang binaybay sa orihinal ang HS na nilalapan, dapat itong lagyan ng gitling.

Hal: *panlapi (unlapi) + gitling + HS (base form)*

nag-file	nag-expire	mag-host
nag-deliver	mag-fax	mag-register
i-portray	i-renew	ka-gracious
ma-exempt	na-admit	pag-exit
pag-endorse	nag-insist	nag-double
nag-deliver	mag-leave	mag-palpitate
mag-review		

3. Sa kaso ng reduplikasyon ng unang pantig ng salitang hiram na nilalapian -

a. lagyan ng gitling

Hal: nagkoko-comment, nae-exempt,
mae-enjoy

b. pakinggan kung may tunog na /i/ o /e ang unang pantig ng lalapiang hiram na salita at gamitin ang *e* o *i* batay sa tunog ng unang pantig

Hal: nagre-resign	napi-feel
ine-enjoy	ini-insist
pagse-set	nag-i-imagine
ire-report	ie-exempt
nagde-date	

c. kung may kambal-katinig o klaster, huwag nang gamin ang klaster

Hal: magti-training nagko-construct
magta-transfer magsa-shampoo
[Eksepsyon: *matsa-challenge*]

d. maaaring gamitin ang pattern na makaka- + HS o maka- + unang pantig ng s.u.

Hal: *nakaka-touch* o *nakata-touch*
makaka-turn off o *makatu-turn off*

Konklusyon at rekomendasyon

Malaya na ngang direktang ginagamit at binabaybay sa orihinal na anyo ang maraming hiram na salita sa iba't ibang tabloid sa Pilipinas na nakalimbag sa wikang Filipino. Nagpapatunay lamang ito na laganap na ang modernisasyon ng pambansang wika bunga ng katotohanang lubos na itong naaapektuhan ng mga banyagang wika, partikular ng Ingles at Kastila, na bahagi na ng kulturang Filipino. Nagpapatunay din ito na *buhay* at *dinamiko* ang wikang Filipino. Umaangkop ito sa panahon, patuloy na umuunlad, nagbabago, at yumayaman upang makatugon sa mga nagbabagong kalikasan at pangangailangan ng mga Pilipinong gumagamit nito.

Sa liwanag ng resulta ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod na gawain para sa higit pang pag-unlad, at sa inaasam na istandardisasyon ng wikang Filipino, lalo na sa rehistrong pasulat.

Maipapabatid ang kinalabasan ng pag-aaral na ito, kasama ng iba pang mga pag-aaral, sa mga awtoridad ng wika upang maikonsider ang mga ito sa mga susunod pang pagpaplanong pangwika, partikular sa pagbuo ng pinal na gabay sa pagbaybay.

Napakalimitado ng pag-aaral na ito na nakatuon lamang sa anim na pahayagang Filipino na isang uri lamang ng mga babasahing maaaring suriin. Napakarami pang pahayagan at iba pang babasahing mapag-aaralan upang lalong matukoy at matiyak ang nakasulat na rehistro ng Filipino, at ang konsistensi ng paggamit nito.

Iminumungkahi rin ang malawakang pagba-validate ang mga alituntunin sa pagbaybay ng mga salitang hiram na iminumungkahi sa papel na ito, kasama ng iba pang kaugnay na pag-aaral, sa layuning matukoy ang mga kagalingan at kahinaan nito, at sa huli'y makabuo na ng isang kapaki-pakinabang at higit na praktikal na gabay sa pagbaybay ng wikang Filipino.

Sanggunian:

Brown, Michael. *Improving English in the Philippines: A simple suggestion*. Philippine Daily Inquirer, (September 27, 2009).

Komisyon ng Wikang Filipino. 2001 *Revision ng alfabeto at patnubay sa ispeling ng wikang Filipino*.

Liwanag, Lydia. 2007. *Ang pag-aaral ng varayti at varyasyon ng wika*. Taft Ave: PNU Press.

Maminta Rosario E. 2001. *Tungo sa istandardisasyon ng sistema ng pagsulat sa Filipino*. Komisyon ng Wikang Filipino.

Paz, Conzuelo J., et al. 2003. *Ang pag-aaral ng wika*. Diliman, Quezon City: UP Press.

Santiago, Alfonso. 2003. *Makabagong balarilang Filipino*. Manila: Rex Bookstore.

Zafra, Galileo S., et al. 2005. *Gabay sa editing sa wikang Filipino (tuon sa pagbaybay)*. Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman.

Zafra, Galileo S., et al. 2008. *Gabay sa ispelang*. Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman.